Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Paggamit ng mga Pang-ugnay sa Pagpapahayag ng Sariling Pananaw**

**I. PANUTO:** Piliin ang angkop na pang-ugnay na ginagamit sa pagpapahayag ng pananaw sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. _________ R.A. 8485, na kilala bilang "The Animal Welfare Act of 1998," anumang uri ng pang-aabuso sa mga hayop ay may parusa.
a. Palagay ko
b. Alinsunod sa
c. Para sa akin
d. Inaakala ng

_____ 2. _________, ang mga Pilipino ay kailangan nang kumilos upang manumbalik ang ganda ng ating kalikasan.
a. Ayon sa
b. Alinsunod sa
c. Sa palagay ko
d. Batay sa

_____ 3. _________ ulat-panahon, magkakaroon ng manaka-nakang pag-ulan ngayong araw.
a. Sa tingin ng
b. Palagay ko
c. Inaakala ng
d. Batay sa

_____ 4. _________ siya dapat ang nanalo sa paligsahang iyon.
a. Ayon sa
b. Sa aking pananaw
c. Batay sa
d. Alinsunod sa

_____ 5. Alin sa sumusunod na pangungusap ang hindi gumamit ng pang-ugnay sa pagpapahayag ng pananaw bilang ekspresyon?
a. Sa tingin ko, ang mga kabataang Asyano ay magagalang.
b. Palagay ko, likas na masiyahin ang mga kabataang Asyano.
c. Ayon sa aking nabasa, maka-Diyos ang mga kabataang Filipino.
d. Ang mga kabataang Asyano ay mahilig makipagdebate.

**II. PANUTO:** Isulat ang **T** sa patlang kung angkop ang ginamit na pang-ugnay sa nagpapahayag ng pananaw. Isulat naman ang **M** kung mali.

_____ 6. Sang-ayon ako na mabakunahan ang aking buong pamilya.

_____ 7. Nararapat na bigyang-pansin natin ang mga nangangailangan ng tulong ngayong panahon ng sakuna.

_____ 8. Sa tingin ng D.O. No. 74, s. 2009, ang paggamit ng Mother Tongue- Based Multilingual Education (MTB-MLE) ay mahalaga sa pagkatuto ng katutubong wika ng isang batang mag-aaral.

_____ 9. Inaakala ng aking ina na hindi ako nakahabol sa aking klase kanina.

_____10. Palagay ko, kailangang bigyang-pansin ang usapin ng kaligtasan ng mga kabataan sa panahon ngayon dahil sa dami ng karahasang nagaganap.